Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng uri ng pang-uri

Panuto: Isulat ang mga titik **PL** kung ang pang-uri na may salungguhit ay pang-uring panlarawan (*descriptive adjective*), **PM** kung ito ay pang-uring pamilang (*cardinal adjective*), at **PN** kung ito ay pang-uring panunuran (*ordinal adjective*).

1. _____ Ang pamilya Reyes ay may anim na anak.
2. _____ Ang kanilang mga anak ay mababait.
3. _____ Ang kanilang panganay na si Joanna ay labing-walong taong gulang na.
4. _____ Si Joey ang pinakamatangkad sa mga magkakapatid.
5. _____ Ang babaeng nakasalamin ay si Jennifer.
6. _____ Si Joshua ang ika-apat na anak ni Ginoong Reyes.
7. _____ Si Justin naman ay nasa ika-limang baitang na.
8. _____ Mahiyain naman ang bunso nila na si Jean.
9. _____ Mayroon din silang isang alagang Labrador na si Max.
10. _____ Si Max ang unang asong nakita nila sa *pet store*.
11. _____ Si Max ay ang pangalawang aso ng pamilya.
12. _____ Masaya ang mga bata kapag kalaro nila si Max.
13. _____ Masustansiyang pagkain ang laging inihahanda ni Ginang Reyes.
14. _____ Pangatlong bahay na nila ito.
15. _____ Ang bahay nila ay may apat na kuwarto.
16. _____ Sampung tao ang makakaupo sa hapag-kainan nila.
17. _____ May malawak na bakuran sa likod ng bahay.
18. _____ Dahil malaki ang kanilang mag-anak, malaki ang gastusin nila buwan-buwan.
19. _____ Ang pamilya Reyes ay may tatlong kompyuter sa bahay.
20. _____ Mayroong silang dalawang sasakyan sa garahe.